

**BANGHAY ARALIN SA PAGTUTURO NG PANIMULANG PAGBASA
PARA SA ISANG LINGGO**

Felicitas E. Pado, PhD

I. MGA LAYUNIN

A. Pagpapahalaga

Naipaliliwanag ng mga bata ang iba't-ibang paraan ng pagiging isang mabuting kapatid.

B. Mga Kasanayan

Pagkatapos ng isang linggo, magagawa ng mga mag-aaral ang mga sumusunod:

1. *Nasasabi ang kahulugan ng mahihirap o bagong salita sa tulong ng mga larawan at konteksto.*
2. *Naibibigay ang mga mahahalagang detalye ng kuwento.*
3. *Nasasabi ang damdamin ng mga tauhan sa iba't-ibang sitwasyon.*
4. *Nagagawa ng bawat pangkat ang isa sa mga sumusunod:*
 - a. *Napaghahambing ang dalawang tauhan sa kuwento.*
 - b. *Naipahahayag ang mga hindi dapat gawin sa pamamagitan ng pagsulat ng isang babala.*
 - c. *Naipapahayag ang maaaring saloobin ng pangunahing tauhan sa pamamagitan ng isang dula-dulaan.*
 - d. *Naipapakita ang paghanga sa kabaitan ng kapatid sa pamamagitan ng pagsulat ng parangal*

5. Naibibigay ang kasalungat na kahulugan ng mga pang-uri.
6. Nagagamit sa pangungusap ang mga salitang magkasalungat.

7. Nababasa, naibibigay ang tunog at naisusulat nang maayos ang titik Kk.
 - a. **Pangkat Pula:**
Nababasa ang mga salita na binubuo ng k at mga titik na napag-aralan na.
 - b. **Pangkat Dilaw:**
Nababasa ang mga salita na binubuo ng k at mga titik na napag-aralan na.
Nababasa nang may pang-unawa ang mga parirala na binubuo ng mga salitang nababasa na.
 - c. **Pangkat Bughaw:**
Nababasa nang may angkop na tono ang isang kuwento at nasasagot ang mga tanong tungkol dito

II. PAKSANG ARALIN

Kuwento: Si Tiktaktok at Si Pikpakbum

Pag-unawa: Pag-alala sa mga detalye ng kuwento; paghahambing ng mga tauhan, paghinuha ng damdamin ng tauhan

Wika: Mga Pang-uring Magkasalungat

Pagbasa: Pagkilala, pagtunog at pagsulat ng titik Kk

Pagbasa ng mga salita na binubuo ng titik k at mga titik na napag-aralan na

Pagbasa ng mga parirala, pangungusap at kuwento at pagsagot ng tanong tungkol dito.

III. MGA KAGAMITAN

Mga word cards

Charts para sa pangkatang gawain

- Ang Magkapatid
- Babala
- Mula Ngayon . . .
- Parangal
- Ang kapatid ay dapat . . .

Mga drowing ng mga salitang nag-uumpisa sa k

Mga worksheets

IV. PAMAMARAAN

Bago Basahin ang Kuwento

1. Pag-alis ng mga balakid

- matadero – Ipakita ang larawan ng isang matadero. Ano ang ginagawa ng mamang ito sa palengke? Siya ay isang matadero.
- lason – Ipakita ang boteng may nakasulat na lason. Kapag nakita mo ang boteng may ganitong drowing, iinumina mo ba ang laman? Bakit? Kapag nakakain ka ng ulam na may lason, ano ang maaaring mangyari sa iyo?
- tinangay- nakita ng pusa ang piniritong isda sa hapag-kainan. Walang takip ang isda. Tinangay ito ng pusa. Galit na galit ang kusinera kasi pang-ulam ito ng anak niya.
Kapag tinangay ang isang bagay, ito ay
 - kinain*
 - kinuha*
 - inamoy*

**Oral Language and
Vocabulary Development**

- nilamangan – May isang bibingka sa mesa. Sabi ni Nanay, “Hatiin ninyo ang bibingka sa inyong dalawa.” Kinain ni Dino ang buong bibingka. Nagalit si Nanay dahil nilamangan ni Dino ang kapatid.
Kapag nilamangan ang kapatid, siya ay
 - binigyan ng tamang hati*
 - hiningan ng kanyang parte*
 - hindi binigyan*

2. Pagganyak

Sabihin ang pangalan ng inyong kapatid.
Anong mga ugali ninyo ang magkakatulad?
Ano naming ugali ninyo ang magkakaiba?

**Comprehension:
Schema activation**

3. Pagganyak na tanong

Sino ang magkakapatid sa kuwento?
Anu-anong ugali nila ang magkapareho? Ano ang magkaiba?

A. Pagbasa ng Kuwento

Book and Print orientation

Tingnan natin ang cover ng aklat. Anu-ano ang mnakikita ninyo sa larawan?
Basahin ang pamagat ng aklat.
Ang kuwentong ito ay sinulat ni Rene Villanueva.
Ang mga larawan ay ginuhit ni Renato Gamos.

Mga maaring itanong habang binabasa ang kuwento

Pagkatapos ng p. 10: Sino ang mas gusto mo sa magkapatid?

Pagkatapos ng p. 14: Bibigyan niya kaya ng karne si Tktaktok?

Pagkatapos ng p. 20: Ano kaya ang mangyayari kay Pikpakbum?

Pagkatapos ng huling pahina: Anu-ano kaya ang mangyayaring pagbabago kay Pikpakbum?

B. Pagkatapos basahin ang kuwento

1. Pangkatang Gawain

Hahatiin ko kayo sa 5ng pangkat. Bawat pangkat ay may gagawin. Dapat tulong –tulong ang lahat ng kasapi ng pangkat ng pag-iisip ng isusulat at irereport mamaya pag tinawag na ang pangkat.

Gawain 1: Ang Magkapatid

**Reading Comprehension:
Comparing and Contrasting**

Anu-ano ang pagkakatulad nina Pikpakbum at Tiktaktok?
Anu-ano ang pagkakaiba nila?
Idikit sa tsart ang angkop na lupon ng mga salita.

Gawain 2: Babala

Sabi ng matadero, may lason daw ang karne. Ano ang isusulat mo dito sa babala para hindi na makain ang karne? Punan ang mga patlang.

Composing

Babala!

Ang karneng ito ay may _____.

Kapag nakita ito ay _____.

*Oral Language
Development*

Gawain 3: Mula Ngayon

May pangako si Pikpakbum sa kapatid. Isadula ang kanilang pag-uusap.

Gawain 4: Parangal

Dahil sa kanyang magandang ugali, si Tiktaktok ay binigyan ng parangal.
Ipagpatuloy ang nakasulat sa parangal.

Parangal

Ang parangal na ito ay para kay

dahil _____.

Composing

Gawain 5: Ang Mabuting Kapatid

Anu-ano ang mga katangian ng mabuting kapatid? Isulat sa tsart.

Ang kapatid ay dapat

1. _____
2. _____
3. _____
4. _____
5. _____

*Composing
May be a pringboard for
Edukasyon sa Pagpapakatao*

2. Talakayan

Listening Comprehension

- a. Ilan ang magkapatid? Sinu-sino sila?
- b. Anu-anong ugali nila ang magkapareho? Ano ang magkaiba? **Pangkat 1, ipakita ang inyong ginawang paghahambing sa magkapatid.**
- c. Sino sa magkapatid ang mas gusto ninyo? Bakit?
- d. Ano ang napulot ni Tiktaktok?
- e. Anong ginawa ni Pikpakbum sa karne?
- f. Anong ipinamalas na ugali ni Pikpakbum?
- g. Ano kaya ang naramdaman ni Tiktaktok?
- h. Ganoon din ba ang mararamdaman ninyo?
- i. Sino ang dumating?
- j. Ano ang sabi ng matadero?
- k. Ano ang naramdeaman ni Tiktaktok nang malamang may lason ang karne?
- l. Kung kayo, ano ang mararamdaman ninyo?
- m. Ano kaya ang gagawin ninyo para hindi na makain ang karne?
Pangkat 2, ipakita ang inyong ginawang babala.
- n. Ano ang ginawa ni Tiktaktok? ng matadero?
- o. Ano ang naramdaman ni Pikpakbum nang gumaling siya?
- p. Ano kaya ang ipinangako niya?
Pangkat 3, ipakita ang inyong dula-dulaan.
- q. Dahil sa mabuting ginawa ni Tiktaktok, maaari kaya siyang bigyan ng parangal?
Pangkat 4, basahin ang inyong ginawa.
- r. Bilang kapatid, anu-ano ang magandang katangian na ipinakita ni Tiktaktok?
- s. Anu-ano pa ang mga dapat gawin ng mabuting kapatid?
Pangkat 5, basahin ang inyong ginawa.

Grammar and Oral Language Development

1. Paglalahad

Grammar Awareness Oral Language Devt.

Basahin ang mga sumusunod na pangungusap:

Si Tiktaktok ay malusog, ngunit si Pikpakbum ay sakitin

Mabait si Tiktaktok, salbahe si Pikpakbum.

Masipag si Tiktaktok, tamad si Pikpakbum.

Mapagbigay si Tiktaktok, maramot si Pikpakbum.

Palakaibigan sa klase si Tiktaktok, ngunit palaaway si Pikpakbum.

2. Pagtuturo/Pagmomodelo

Sa unang pangungusap, ano ang katangian ni Tiktaktok? Ano naman ang katangian ni Pikipakbum?

(Parehong tanong hanggang sa ikalimang pangungusap)

Basahin natin ang mga katangian nila:

Tiktaktok	Pikipakbum
1. malusog	sakitin
2. mabait	salbahe
3. masipag	tamad
4. mapagbigay	maramot
5. palakaibigan	palaaway

Anong napapansin ninyo sa bawat pares ng salita, magkasingkahulugan ba sila o magkasalungat ng kahulugan?

Tama! Ang bawat pares ng salita ay magkasalungat ang kahulugan.

3. Pangkatang Pagsasanay

Maglaro tayo:

Hahatiin ko kayo sa apat na pangkat. Bawat pangkat ay bibigyan ko ng mga word cards. Pagtapatin ang word cards na may nakasulat na salitang magkasalungat.

Halimbawa: Ano ang itatapat ninyo sa salitang mataba? Tama! Ang kasalungat ng mataba ay payat.

Magkontest naman tayo:

May ipapakita akong mga larawan. Pakinggan ang aking pangungusap. Paunahan sa pag-ulit ng pangungusap na ang gamit ay kasalungat na salita:

Bago ang medyas ni Ana.

Mayaman si Henry.

Mataba si Don.

Maliwanang ang silid.

Maputi si Len.

4. Indibidwal na Pagsasanay

May ipapabasa akong mga salita. Pagdugtungin ng linya ang magkasalungat ang kahulugan:

malinis	malungkot
masaya	matabang
malaki	mainit
matangkad	marumi
maalat	maliit
malamig	pandak

5. Laro

May mga bagay ako dito sa kahon. Kumuha ng isa at ilarawan ito. Palitan ang salitang naglalarawan ng kasalungat nito.

Oral Language and
Vocabulary Development

PAGBASA

A. Introduction

Tingnan ang mga larawan. Sabihin ang pangalan ng bawat isa.



2. Pagtuturo at Pagmomodelo

a. Pagkilala ng pangalan ng titik.

Ano ang umpisang titik ng bawat pangalan?

Alphabet Knowledge

b. Pagbigay ng tunog ng titik

Ano ang tunog ng titik K? Sabihin uli natin ang pangalan ng bawat larawan. Tunugin ang K...K...K

c. Pagsulat ng titik K at k.

Isulat ang malaking titik K.

Isulat ang maliit na titik k.

Writing

d. Pagbasa ng mga salita na binubuo ng k at iba pang titik na napag-aralan na. (m, s, a, i, o, b, u, e)

kama	sako	ikot
keso	suka	itak
kubo	siko	biik
kuko	butiki	sukat
kabibe	bakit	malakas
kamiseta	kamatis	tukso
kamote	takot	tuka

Word Recognition

Pangkatang Pagsasanay

Pula	Dilaw	Asul
<p>1. Oral work</p> <p>a. Basahin ang mga salita</p> <p>b. Tingnan ang larawan sa bawat kahon. Idikit ito sa tamang pangalan.</p>	<p>1. Seatwork1</p> <p>Tingnan ang bawat larawan. Bilugan ang pangalan nito.</p>	<p>1. Pagbasa nang tahimik</p> <p>Basahin nang tahimik ang kuwento: “Ang Butiki sa Kisame” Sagutan ang mga tanong tungkol dito.</p>
<p>2. Seatwork1</p> <p>Basahin ang bawat salita. Hanapin ang larawan nito. Pagdugtungin ng linya. Kulayan ang larawan.</p>	<p>2. Oral work</p> <p>a. Pagtsek ng SW1</p> <p>b. Laro: Paghanap ng larawan para sa binasang salita</p> <p>c. Basahin ang bawat lupon ng salita. Ipaskel sa ilalim ng larawan.</p>	<p>2.Seatwork</p> <p>Ano ang gagawin ko kapag nakakita ako ng butiki? Isulat ang iyong sagot..</p>
<p>3. Seatwork 2</p> <p>Isulat ang pangalan ng bawat larawan</p>	<p>3.Seatwork 2</p> <p>Isulat ang lupon ng mga salita na angkop sa larawan. Hanapin ang sagot sa kahon.</p>	<p>3. Oral work</p> <p>Basahin ang kuwento nang malakas. Sagutan ang mga tanong. Basahin ang gagawin kung makakita ng butiki.</p>

Pangkat Pula:

Oral work:

Basahin:

kama	kuko
buko	biik
kubo	itak
suka	sako
siko	keso

SW 1. Pagdugtungin ng linya ang larawan at ang pangalan nito.

SW2: Isulat ang pangalan ng bawat larawan.

Pangkat Dilaw:

Seatwork 1:

(kubo)	kuba kubo kuko	(baka)	baka buko biko	(sako)	suka siko sako
(kamiseta)	kabibe kamote kamiseta	(butas)	butiki butas bukas	(biik)	itak biik batik
(buto)	buko buto kubo	(kamatis)	kabute kamatis kamote	(takbo)	takot takbo tamis

Oral work:

Basahin ang lupon ng mga salita. Ipaskel sa ilalim ng larawan:

kamote sa sako
keso sa mesa
aso sa kubo
kamiseta sa kama
butiki sa kisame

SW2:

Isulat ang angkop na lupon ng mga salita para sa larawan:

ang keso sa mesa
ang kamatis sa basket
ang tuta sa kubo
ang biik sa sako
ang suka sa bote

7

Pangkat Bughaw

Basahin ang kuwento:

**Fluency and Reading
Comprehension**

Ang Butiki sa Kisame

May butiki!

May butiki sa kisame

Mataba ang butiki sa kisame.

Takbo, Kiko! Takbo, Mika!

Takot kami sa butiki!

Sagutan ang mga tanong:

1. Nasaan ang butiki? _____
2. Anong salita ang naglalarawan sa butiki?: _____
3. Sinu-sino ang nakakita ny butiki? _____ at _____
4. Ano ang gagawin nina Kiko at Mika? _____
5. Bakit sila tatakbo nang Makita ang butiki? _____